Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 74

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 373
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA NAGHIHIKAYAT SA MGA LOKAL NA PAMAHALAANG GUSALI, TANGGAPAN AT LAHAT NG PAARALAN SA LUNGSOD NG MAYNILA NA MAG TAKDA NG PAGTATAAS SA PAMBANSANG WATAWAT SA KALAGITNAAN NG TAGDAN BILANG PAGPAPAKITA NG PAKIKIISA AT PAKIKIRAMAY SA ATING PUNONG LUNGSOD KGG. MARIA SHEILAH "HONEY" H. LACUNA-PANGAN, MD, FPDS, KGG. KONSEHAL SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, ARKITEKTO DANILO VICTOR H. LACUNA, JR., AT KANYANG KABIYAK NA SI GINANG MELANIE "INDAY" H. LACUNA SA PAGPANAW NG DATING PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. DANILO "DANNY" B. LACUNA

MGA MAY AKDA: **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, HON. LUIS C. UY, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya at **KGG. MACARIO M. LACSON,** Pangulong Pansamantala

SAPAGKAT, alinsunod sa Batas Blg. 8491 (1998), Seksyon 23, ang paglalagay ng Pambansang Watawat sa kalagitnaan ng tagdan ay simbolo ng pagluluksa na itinatakda sa lahat ng gusali o pook na kinasasakupan ng yumao mula sa araw ng pag-anunsiyo ng pagpanaw hanggang sa panahon na hindi lalagpas sa pitong araw;

SAPAGKAT, ang dating Pangalawang Punong Lungsod na si Kgg. Danilo "Danny" Bautista Lacuna ay nanungkulan bilang konsehal sa Municipal Board sa ating lungsod kung saan siya ay naging Pansamantalang Pangalawang Punong Lungsod sa taong 1970 hanggang 1971, at bilang Pangalawang Punong Lungsod sa mga taong 1988 hanggang 1992 at muli, mula 1998 hanggang 2007;

SAPAGKAT, noong 2005, itinatag ni Kgg. Danilo B. Lacuna ang lokal na partido na ngayon ay mayorya sa Pamahalaang Panlungsod ng Maynila, ang "Asenso Manileño" at siya ay tumayong tagapayo at tagapaggabay ng dating Punong Lungsod ng Maynila na si Kgg. Francisco "Isko Moreno" Domagoso, na siyang naging inspirasyon sa pagtakbo ng Kagalang-galang na Punong Lungsod ng Maynila na si Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS;

SAPAGKAT, noong ika-31 ng Hulyo 2023, si Kgg. Danilo B. Lacuna ang siyang kauna-unahang tumanggap ng parangal na "Dangal ng Konseho" mula sa Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa ika-122 Anibersaryo, na ginanap sa Ayuntamiento de Manila, Intramuros;

SAPAGKAT, sa ika-13 ng Agosto 2023, nagwakas ang mahigit dalawang dekada ng dedikasyon at bukas palad na paglilingkod sa bayan nang pumanaw na si Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ng Maynila at ang buong Lungsod ng Maynila ay taos pusong nakikipagdalamhati sa pamilya ng yumaong si Kgg. Danilo B. Lacuna: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na naghihikayat sa mga lokal na pamahalaang gusali, tanggapan at lahat ng paaralan sa Lungsod ng Maynila na mag takda ng pagtataas sa Pambansang Watawat sa kalagitnaan ng tagdan bilang pagpapakita ng pakikiisa at pakikiramay sa ating Punong Lungsod Kgg. Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, Kgg. Konsehal Salvador Philip H. Lacuna, Kgg. Leilani Marie H. Lacuna, Arkitekto Danilo Victor H. Lacuna, Jr., at kanyang kabiyak na si Ginang Melanie "Inday" H. Lacuna sa pagpanaw ng dating Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Danilo "Danny" B. Lacuna; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay maipamahagi sa lahat ng tanggapan ng lokal na pamahalaan, gusali at lahat ng pampubliko o pribadong paaralan sa Lungsod ng Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**MACARIO M. LACSON**
Pangulong Pansamantala
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs